# TASK FORCE PARA SA MULING PAGDIDISTRITO

## LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO

# ADYENDA

**PAGPUPULONG SA PERSONAL**
**City Hall, Room 400**
**1 Dr. Carlton B. Goodlett Place**
**San Francisco, CA 94102**

**Abril 2, 2022 - 10:00 AM**

**Espesyal na Pagpupulong**

## REMOTE NA ACCESS SA PAMAMAGITAN NG VIDEOCONFERENCE

**PANOORIN sa San Francisco Cable Channel 26, 78 o 99**
***(depende sa inyong provider)***
**PANOORIN www.sfgovtv.org**
**PANOORIN: https://bit.ly/3sWNTbC**
**PASSWORD: comment**

## LINYA PARA SA PAGKOMENTO NG PUBLIKO

**1 (415) 655-0001 / Meeting ID 2496 211 9179 # #**
**(Pindutin ang *3 para makapasok sa speaker line)**

**Interpretasyon sa Audio sa Cantonese – Magagamit Hanggang 4:30 PM**
**1 (415) 655-0001 / Meeting ID 2499 384 4378 # #**
**PANOORIN: https://bit.ly/3j2W9Br**
**PASSWORD: comment**

**Interpretasyon sa Audio sa Espanyol – Magagamit Hanggang 4:30 PM**
**1 (415) 655-0001 / Meeting ID 2493 346 8891 # #**
**PANOORIN: https://bit.ly/3IQIgkb**
**PASSWORD: comment**

1. **Atas ng Paninimula at Pagtawag sa mga Pangalan**

| | |
|---|---|
| **Luklukan 1** | Jeremy Lee |
| **Luklukan 2** | Jose Maria (Chema) Hernandez Gil |
| **Luklukan 3** | J. Michelle Pierce |
| **Luklukan 4** | Matthew Castillon |
| **Luklukan 5** | Kagalang-galang Arnold Townsend |
| **Luklukan 6** | Lily Ho |
| **Luklukan 7** | Raynell Cooper |
| **Luklukan 8** | Chasel Lee |
| **Luklukan 9** | Ditka Reiner |

2. **Pagmamapa**
   *Paguusapan ng mga miyembro ng Task Force ang biswalisasyon ng mga mapa na binuo at isinumite ng Q2 Data and Research na ayon sa direksyon ng Task Force at maaari silang mabigyan ng karagdagang instruksiyon. Kung mapagkakasunduan, maaaring mag-mosyon ang Task Force sa pagguhit ng linya anumang oras ayon sa kanilang desisyon.*
   *Talakayan at posibleng aksyon.*
   (Pagkomento ng Publiko)

3. **Update mula sa Q2 Mga Kasangguni sa Muling Pagdidistrito**
   *(Mga Kasangguni sa Muling Pagdidistrito, Q2 Data and Research)*
   *Talakayan at posibleng aksyon.*
   (Pagkomento ng Publiko)

4. **Ulat ng mga Miyembro ng Task Force at Ulat ng mga Kinatawan ng Departamento ng Lungsod/Pampublikong Opisyal**
   *Mag-uulat ang mga miyembro ng Task Force ukol sa kani-kanilang pakikipag-ugnay sa mga miyembro ng publiko at/o mga pampublikong opisyal hinggil sa mga pang-kasalukuyan o pang-hinaharap na gawain sa loob ng hurisdiksyon ng Task Force. Mag-uulat naman ang mga kinatawan ng Departamento ng Lungsod, at/o mga pampublikong opisyal hinggil sa mga usapin sa loob ng hurisdiksyon ng Task Force.*
   *Talakayan.*
   (Pagkomento ng Publiko)

5. **Mga Epekto ng Muling Pagdidistrito sa mga Aplikasyon para sa Neighborhood Resident Housing Preference Program**
   *(Opisina ng Mayor para sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad)*
   *Talakayan tungkol sa programa na Neighborhood Resident Housing Preference (NRHP) at paano naaapektuhan ng muling pagguguhit sa mga linya ng distrito ang mga indibidwal na nag-aapply para sa abot-kayang pabahay sa loob ng San Francisco.*
   *Talakayan.*
   (Pagkomento ng Publiko)

6. **Pag-apruba sa Katitikan ng mga Espesyal na Pagpupulong na ginanap noong Marso 18 at 21, 2022**
   *Talakayan at posibleng aksyon.*
   (Pagkomento ng Publiko)

7. **Resolusyon at Pagpapasiya para Pahintulutan ang mga Pagpupulong sa Pamamagitan ng Teleconference sa Ilalim ng California Government Code, Seksyon 54953(e)**
   *Talakayan at aksyon.*
   (Pagkomento ng Publiko)

8. **Pangkalahatang Pagkomento ng Publiko:** Maaaring makapanayam ng mga miyembro ng publiko ang Task Force para sa Muling Pagdidistrito hinggil sa mga usapin sa loob ng kanilang hurisdiksyon na hindi kasama sa kasalukuyang adyenda.

9. **Mga Usapin sa Susunod na Adyenda**
   *Talakayan at posibleng aksyon.*
   (Pagkomento ng Publiko)

10. **Pagtatapos**

**Impormasyon ukol sa mga Usapin sa Adyenda**

Bawat usapin sa adyenda ay maaaring may kasamang: 1) Paunang liham at/o ulat ng Departamento o ng Ahensya; 2) Pampublikong pagsusulatan; 3) Iba pang dokumento na nagpapaliwanag. Para sa karagdagang impormasyon ukol sa mga adyenda, rekord ng mga pinagusapan, at impormasyon tungkol sa pagpupulong, tulad ng mga nasabing dokumento, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Redistricting Task Force Clerk
City Hall, 1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, Room 244
San Francisco, CA 94102
(415) 554-4445
rdtf@sfgov.org

**Mga Patakaran sa Pagpupulong**

Magkakaroon ng Pampublikong Komento bago o habang tinatalakay ng Task Force ang bawat usapin sa adyenda. Tulad ng itinakda ng Tagapangulo sa simula ng bawat usapin, bibigyan ng parehong lubos na bilang ng minuto upang makapagsalita ang bawat miyembro ng publiko. Bibigyan naman ng doble sa itinakdang limitasyon sa oras na gumawa ng pampublikong testimonya ang mga tagapagsalita na gumagamit ng tulong sa pagsasalin. Ang mga miyembro ng publiko na nais magpakita sa display ng dokumento ay dapat magsumite nang maaga sa Kawani (john.carroll@sfgov.org). Kailangang malinaw na ipahiwatig ang gagawin habang nagtatalumpati, at hilingin na matanggal sa display ang dokumento kung nais na nilang ibalik ang screen sa live coverage ng pagpupulong. Hinihimok ang publiko na tumestigo sa mga pagpupulong ng Task Force at sulatan ang mga miyembro nito sa: 1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, Room 244, San Francisco, CA 94102.

PAKETE PARA SA ADYENDA: Makukuha mula sa internet sa: https://sf.gov/public-body/2020-census-redistricting-task-force.

LANGUAGE INTERPRETERS: Language services are available in Spanish, Chinese and Filipino at all regular and special Board and Committee meetings if made at least 48 hours in advance of the meeting to help ensure availability. For more information or to request services: Contact Wilson Ng or Arthur Khoo at (415) 554-5184.

傳譯服務：所有常規及特別市議會會議和常務委員會會議將提供西班牙文，中文以及菲律賓文的傳譯服務，但必須在會議前最少48小時作出要求，以確保能獲取到傳譯服務。如需更多資訊或要求有關服務，請致電（415）554-5184聯絡Wilson Ng或Arthur Khoo。

INTÉPRETES: Servicio de interpretación en español, chino y filipino en todas las reuniones ordinarias y extraordinarias del Consejo o en reuniones comunitarias. Las solicitudes deben recibirse a más tardar 48 horas antes para garantizar disponibilidad. Para más información o solicitar este servicio, contacte a Wilson Ng o Arthur Khoo al (415) 554-5184.

PAUNAWA: Mayroong serbisyong pang-wika sa Espanyol, Tsino at Pilipino para sa lahat ng mga regular at espesyal na pagpupulong ng Board, at Komite ng Board. Sa kasalukuyan, mayroong serbisyo sa wikang Pilipino na maaaring hilingin, 48 oras (o mas maaga) bago ng pagpupulong upang matiyak na matutugunan ang inyong kahilingan. Para sa karagdagang impormasyon o para humiling ng serbisyo pang-wika, tawagan lamang ang (415) 554-5184.

**Americans with Disabilities Act (ADA)**

Ang ADA ay isang batas para sa karapatang sibil na pinoprotektahan ang mga indibidwal na mayroong iba't-ibang uri ng kapansanan laban sa diskriminasyon sa lahat ng aspeto ng kanilang buhay panlipunan. Itinatadhana ng Title II ng ADA na kailangang aksesible sa lahat ng mamamayang may kapansanan ang lahat ng programa na inaalok sa pamamagitan ng pamahalaang pang-estado o pang-lungsod tulad ng Lungsod at County ng San Francisco. Hinihingi ng ADA at ng polisiya ng Lungsod na magkaroon ng pantay na access sa lahat ng serbisyo, aktibidad, at benepisyo ng Lungsod ang lahat ng mamamayan na may kapansanan. Kailangan ding may pantay na oportunidad ang mga taong may kapansanan na makilahok sa mga programa at serbisyo na inaalok ng Lungsod at County ng San Francisco. Kung naniniwala kayong nilabag ang inyong mga karapatan sa ilalim ng ADA, makipag-ugnayan sa ADA Coordinator.

Idinagdag sa Ordinansa 90-10 ang Seksyon 2A.22.3 ng Administrative Code ang Citywide Americans with Disabilities Act Reasonable Modification Policy (Malawakang Pang-Lungsod na Polisiya sa Makatuwirang Pagbabago) na nagtatakda sa departamento ng Lungsod na: (1) magbigay abiso sa publiko tungkol sa kanilang karapatan na humiling ng mga makatuwirang pagbabago; (2) maagap na sagutin ang mga nasabing kahilingan; (3) magbigay ng karapat-dapat na mga tulong at serbisyo sa mga taong may kapansanan para matiyak ang epektibong komunikasyon; (4) magsanay ng mga tauhan para makatugon sa mga kahilingan ng publiko para sa mga makatuwirang pagbabago, at itakda sa Tanggapan ng Mayor para sa mga may Kapansan na magbigay ng teknikal na tulong sa mga departamento ng Lungsod na tumutugon sa mga kahilingan ng publiko para sa makatuwirang pagbabago.

Sinusuportahan ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito ang Tanggapan ng Mayor para sa mga may Kapansanan para matulungan ang San Francisco na maging lungsod na makatatamasa ang lahat ng mamamayan ng pagkakapantay-pantay sa karapatan at oportunidad, pati na rin ang kalayaan mula sa iligal na diskriminasyon sa ilalim ng mga batas para sa karapatan ng mga may kapansanan.

Para humiling ng interpretasyon sa sign language, mga pambasa, mga adyenda na malaki ang pagkaka-imprenta, o iba pang mga tulong, mangyaring makipag-ugnayan sa (415) 554-5184 o sa (415) 554-5227 (TTY). Makatutulong na matiyak na matutugunan ang mga kahilingan na ginawa humigit-kumulang 48 oras bago magsimula ang pagpupulong. Kung kailangan ninyo ng karagdagang tulong, mangyaring makipag-ugnayan kay Wilson Ng sa (415) 554-5184 (wilson.l.ng@sfgov.org).

**Alamin ang Inyong mga Karapatan sa Ilalim ng Sunshine Ordinance**

Tungkulin ng Gobyerno na pagsilbihan ang publiko at gawin ang kanyang mga desisyon nang lantad sa madla. Nariyan ang mga komisyon, lupon, konseho, at iba pang mga ahensya ng Lungsod at County para isagawa ang trabaho para sa bayan. Tinitiyak ng ordinansang ito na ang mga pagtatalakay ay isinasagawa sa harap ng mga mamamayan at bukas sa pagsusuri ng publiko ang mga operasyon ng Lungsod. Para sa impormasyon ukol sa inyong mga karapatan sa ilalim ng Sunshine Ordinance (San Francisco Administrative Code, Chapter 67) o magsumbong ng paglabag sa ordinansa, sumulat sa Sunshine Ordinance Task Force, 1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, Room 244, San Francisco CA 94102, tumawag sa (415) 554-7724, magpadala ng fax sa (415) 554-5163, o mag-email sa sotf@sfgov.org. Maaaring makakuha ng sipi ng Sunshine Ordinance sa pamamagitan ng pag-imprenta mula sa Internet ng San Francisco Administrative Code, Chapter 67 sa http://www.sfbos.org/sunshine.

**Mga Pangangailangang Pang-etika**

Maaaring kailanganin sa ilalim ng San Francisco Lobbyist Ordinance [SF Campaign & Governmental Conduct Code, Section 2.100] na magparehistro at mag-ulat ng mga aktibidad sa pag-lobby ang mga indibidwal at entidad na nakaiimpluwensya o sumusubok impluwensyahan ang panlokal na aksiyong pang-lehislatibo at administratibo. Para sa impormasyon ukol sa Lobbyist Ordinance, makipag-ugnayan sa San Francisco Ethics Commission sa 25 Van Ness Avenue, Suite 220, San Francisco, CA 94102; telepono (415) 252-3100; fax (415) 252-3112; website http://www.sfgov.org/ethics**.** Sa ilalim ng Seksyon 1.127 ng Campaign and Governmental Conduct Code (Alituntunin sa Pag-aasal sa Pangangampanya at Pamamahala), walang sinumang indibidwal o entidad na may pinansiyal na interes sa mga usapin sa paggamit ng lupa sa harap ng Lupon ng mga Apela, Lupon ng mga Superbisor, Komisyon sa Pag-iinspeksyon ng mga Gusali, Komsiyon sa Pamumuhunan ng Pamayanan at Imprastraktura, Komisyon sa Pangkasaysayang Pagpapanatili, Komisyon ng Pagpaplano, Komisyon sa mga Daungan, o Lupon ng mga Direktor ng Awtoridad para sa Kaunlaran ng Treasure Island, ang maaaring gumawa ng kontribusyon sa kampanya ng miyembro ng Lupon ng mga Superbisor, Alkalde, Abugado ng Lungsod, o kandidato ng alinman sa mga nasabing katungkulan, mula sa petsa ng pagsisimula ng usapin sa paggamit ng lupa hanggang sa 12 na buwan matapos magbaba ng pinal na desisyon ang lupon o komisyon, o maresolba ang alinmang apela sa ibang ahensya ng Lungsod na dulot ng nasabing desisyon. Para sa karagdagang impormasyon ukol sa gayong paghihigpit, bumista sa www.sfethics.org.